

Pagpapabanal ng Espiritu

WARM-UP

- Sino sa kaibigan o kamag-anak mo ang maituturing mong “perfectionist”? Balikan ang isang pagkakataon na nagpapakita nito.
- Mag-isip ng isang gawain o libangan na sinimulan mo subalit hindi mo natapos. Ano ang nangyari?
- Kanino mo ginugugol ang karamihan ng oras mo? Magbigay ng dalawa hanggang tatlong pangalan. Paano ka nila naiimpluwensiyahan?

WORD

*Ito ngayon ang gusto kong itanong sa inyo: Tinanggap ba ninyo ang Banal na Espiritu dahil sa pagsunod sa Kautusan, o dahil sumampalataya kayo sa Magandang Balita na napakinggan ninyo? **MGA TAGA-GALACIA 3:2***

Sumulat si Apostol Pablo sa mga iglesya sa Galacia upang ipaalala sa kanila ang ginawa ni Jesus sa krus para sa sangkatauhan at ang kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya. Siya ay nabagabag sa mga narinig niya, na ang mananampalataya mula sa Galacia ay nagdadagdag ng mabubuting gawa sa ginawa ni Cristo para sa atin at nagtitiwala sa striktong pagtupad sa mga ito para sa kanilang kaligtasan. Hinihiling ni Pablo sa kanila na balikan kung paano nila unang nakilala si Cristo at kung ano ang pinaniwalaan nila. Tulad ng mga taga-Galacia, minsá’y dinadagdagan din natin ng mabubuting gawa ang ginawa ni Cristo sa krus upang maging sigurado sa ating kaligtasan. Sa araling ito, titignan natin ang dalawang aspeto ng ating buhay pananampalataya kay Cristo na dapat nating palaging tandaan.

1 Tayo ay nagsisimula sa pamamagitan ng Espiritu.

Talagang hindi nga kayo makaintindi! Nagsimula kayo bilang mananampalataya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu, bakit ngayon pinipilit ninyong magpakabanal sa pamamagitan ng sarili ninyong pagsisikap? **MGA TAGA-GALACIA 3:3**

Bilang mga tagasunod ni Jesu-Cristo, alam natin na tayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang ginawa Niya sa krus ang nagdala sa atin ng kaligtasan. Sinisimulan natin ang ating buhay bilang Kristiyano sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu—binabago Niya tayo, nananahan Siya sa atin, nagtuturo, gumagabay, at nagbibigay sa atin ng kakayahan (1 Corinto 6:11). Paano mo sinimulan ang paglalakbay mo sa pananampalataya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu? Ano ang mga hamon na iyong hinarap noong nakilala mo ang Panginoon at paano mo napagtagumpayan ang mga ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu?

.....

.....

.....

.....

2 Tayo ay nagiging banal sa pamamagitan ng Espiritu.

Talagang hindi nga kayo makaintindi! Nagsimula kayo bilang mananampalataya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu, bakit ngayon pinipilit ninyong magpakabanal sa pamamagitan ng sarili ninyong pagsisikap? **MGA TAGA-GALACIA 3:3**

Masama ang loob ni Pablo sa mga taga-Galacia dahil kahit alam na nila ang ebanghelyo, sinubukan pa rin nilang bumalik sa pamumuhay ayon sa kanilang mga gawa. Tinanong niya kung sila ngayon ay nagtatangkang mamuhay sa sarili nilang kakayanan matapos magsimulang mamuhay sa Espiritu. Malinaw ang sinabi ni Pablo—hindi lamang tayo

iniligtas ng Diyos, tayo ay binibigyan din ng kakayahan na isapamuhay ang buhay na itinakda Niya para sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu (1 Pedro 1:2). Tayo ay lumalago sa ating pananampalataya dahil sa ginagawa Niya, mas nagiging katulad ni Cristo dahil sa Kanyang Espiritu, at nababago para sa Kanyang karangalan. Sa palagay mo, bakit sinubukan ng mga taga-Galacia na makamit ang kaligtasan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga relihiyosong panuntunan? Bakit ito mapanganib at makasalanan?

APPLICATION

- Naiintindihan at nananampalataya ka ba sa ginawa ni Cristo sa krus para sa iyo? Sino ang Banal na Espiritu para sa iyo, at paano ka Niya tinutulungang lumago sa pananampalataya araw-araw?
- Balikan kung paano mo nakilala si Cristo. Paano ka ginabayan at tinuruan ng Banal na Espiritu upang sa bawat paglipas ng araw ay maging mas katulad ka ni Cristo? Paano mo mapipigilan ang sarili mo na magtangkang makamit ang kaligtasan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga relihiyosong panuntunan?
- Ipanalangin ang isang kaibigan o kamag-anak na maaaring nagsimula sa Espiritu subalit ngayon ay nagtatangkang baguhin ang sarili nang mag-isa. Paano mo siya matutulungan na maunawaan na ang ating pagbabago ay maaari lamang mangyari sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagtupad Niya ng Kanyang plano na iligtas tayo at gawing banal sa pamamagitan ng ginagawa ng Banal na Espiritu araw-araw.
- Ipanalangin na may matutunan ka mula sa mga mananampalataya sa Galacia, na hindi ka lamang magsisimula sa pamamagitan ng Banal na Espiritu kundi patuloy na mababago sa pamamagitan din ng Espiritu.
- Hingin sa Banal na Espiritu na bigyan ka ng kakayahan na buong tapang na ihayag ang ebanghelyo saan ka man pumunta.

NOTES



VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph